Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

9 Hunyo 2024 | Ika-10 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

Ganap na Pakikipagniig sa Diyos

Sa Ebanghelyo ngayon, handog sa atin ni Hesus ang posibilidad na mapabilang sa pinakadakilang pamilya: ang sarili niyang pamilya. Subalit ito ay may isang kundisyon: ang tumupad sa kalooban ng Diyos sa lahat ng oras.

Ang pagsunod sa kalooban ng Ama ay siyang naging "pagkain" ni Hesus nang walang pag-aalinlangan o pag-aatubili.

Ang ganap at lubos na pagsunod sa Ama tulad ni Hesus ay atin ding tungkulin at pribilehiyo. Inaasahan tayong tumupad sa kalooban ng Diyos bilang tanda at katibayan ng ating pagmamahal sa Kanya. Sa gayong pagsunod, walang lugar ang pagpapadaig sa panunukso ng demonyo tulad ng ginawa nina Adan at Eva. Si Hesus, ang masunuring Anak ay siya nating dapat maging huwaran. Tanging ang pagtulad sa Kanya ang susi sa ganap na pakikipagniig sa pamilya ng Diyos.

At kung magagampanan natin ito, magiging makatotohanan ang pahayag ni Hesus, "Ito ang aking mga ina at mga kapatid – ang aking pamilya – na siya kong kinalulugdan." Ito ang minimithi nating ganap na pakikipagniig sa Diyos.



PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Panginoo'y aking tanglaw, siya'y aking kaligtasan. Sino pang katatakutan kahit ako'y pagtangkaan yamang ang D'yos ang kanlungan?

Pagbati

***P*–** Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*– Amen!**
***P*–** Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo, ay sumainyong lahat!
***B*– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–** Bilang paghahanda sa Banal na Pagdiriwang, pagsisihan ang ating mga kasalanan at ihingi ng tawad sa Panginoon. *(Tumigil saglit.)*

***P*–** Panginoong Jesus, Ikaw ang huwaran sa pakikipagniig sa Diyos Ama, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*– Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*–** Kristo Jesus, tanging Ikaw ang Daan, Katotohanan at Buhay, Kristo, kaawaan mo kami!
***B*– Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*–** Panginoong Jesus, panawagan mong kami'y tumupad tuwina sa kalooban ng Diyos Ama, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*– Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*– Amen!**

Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, sa iyo nagmumula ang tanang kabutihan. Pagbigyan mo ang aming mga kahilingan na sa iyong patnubay ang iyong mga kinalulugdan ay aming mapagisipan at sa iyong pag-akay ang mga ito ay aming magampanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Gen 3:9-15***

Inilalahad ng ikalawang Kasaysayan ng Paglikha (Gen 2:4b-25), ang pinagmulan ng tao bilang kauna-unahan sa mapanglikhang gawa ng Diyos, at binibigyang-diin dito ang espesyal na pagkalinga ng Diyos sa unang mag-asawa. Sa kasamaang-palad, nagbalatkayo ang demonyo bilang isang matalinong ahas, at hinikayat si Evang suwayin ang mga utos ng Diyos, at gayundin si Adan. Sa sandaling iyon, ang orihinal na kawalang-malay at kasiyahan ng unang pamilya ay dumating sa katapusan. Subalit gayon na lamang ang pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan at ipinangako ang maririnig natin sa katapusan ng Unang Pagbasa ngayon.

L –Pagbasa mula sa Aklat ng Genesis

Pagkakain ni Adan ng bunga ng puno, tinawag siya ng Panginoon at tinanong, "Saan ka naroon?"

"Natakot po ako nang marinig ko kayong nasa hardin; nagtago po ako sapagkat ako'y hubad," tugon niya. "Sinong may sabi sa iyong hubad ka?" tanong ng Diyos. "Bakit, kumain ka ba ng bungang ipinagbabawal ko?"

"Kasi, pinakain po ako ng babaing ibinigay ninyo sa akin," tugon niya. "Bakit mo naman ginawa iyon?" tanong ng Diyos sa babae.

"Mangyari po'y nilinlang ako ng ahas, kaya ako natuksong kumain," tugon naman niya. At sinabi ng Panginoon sa ahas: "Sa iyong ginawa'y may parusang dapat, na tanging ikaw lang yaong magdaranas; Ikaw ay gagapang, ang hatol kong gawad, at alikabok ang pagkaing dapat. Kayo ng babae'y laging mag-aaway, binhi mo't binhi niya'y laging maglalaban. Ito ang dudurog ng ulo mong iyan, at ang sakong niya'y ikaw ang tutuklaw.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 129***

B – Sa piling ng Poong Diyos may pag-ibig at pagtubos!

R. M. Velez



*** Sa gitna ng paghihirap, tinawag ko'y Panginoon. Panginoon, ako'y dinggin pagkat ako'y tumataghoy, dinggin mo ang pagtawag ko't paghingi ng iyong tulong.** ***B.***

*** Kung ikaw ay may talaan nitong aming kasalanan, lahat kami ay tatanggap ng hatol mong nakalaan. Ngunit iyong pinatawad, kasalanan ay nilimot, pinatawad mo nga kami upang sa'yo ay matakot.** ***B.***

*** Sabik akong naghihintay sa tulong mo, Panginoon, pagka't ako'y may tiwala sa pangako mong pagtulong. Yaring aking pananabik, Panginoon, ay higit pa, sa serenong naghihintay ng pagsapit ng umaga.** ***B.***

*** Magtiwala ka, Israel, magtiwala sa iyong Diyos, matatag at di kukupas ang pag-ibig niyang dulot, lagi siyang nahahandang sa sinuman ay tumubos. Ililigtas ang Israel, yaong kanyang mga hirang, ililigtas niya sila sa kanilang kasalanan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***2 Cor 4: 13-5:1***

Sa pagsulat sa mananampalataya ng Corinto, hinikayat sila ni Apostol Pablo na lawakan ang pagtingin sa mga kasalukuyang problema at ikasiya ang pagasang dulot ng katiyakang may gantimpalang walang hanggang inilaan ang Panginoon sa atin.

L –Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid, sinasabi ng Kasulatan, "Nagsasalita ako sapagka't ako'y sumasampalataya." Bunga ng gayong diwa ng pananampalataya, nagsasalita rin ako sapagkat ako ma'y sumasampalataya. Sapagkat nalalaman kong ang Diyos na muling bumuhay sa Panginoong Hesus ay siya ring bubuhay sa akin kasama niya, at magdadala sa inyo at sa akin kasama niya, at magdadala sa inyo at sa akin sa kanyang piling. Ang lahat ng pagtitiis ko ay sa kapakanan ninyo upang sa pagdami ng mga nakatatanggap ng mga kaloob ng Diyos, lalo namang dumadami ang magpapasalamat at magpupuri sa kanya.

Kaya't hindi ako pinanghihinaan ng loob. Bagamat humihina ang aking katawang-lupa, patuloy namang lumalakas ang aking espiritu. Ang bahagya at panandaliang kapighatiang dinaranas ko ngayon ay magbubunga ng kaligayahang walang hanggan at walang katulad. Kaya't ang paningin namin ay nakapako sa bagay na di nakikita, hindi sa nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di nakikita.

Talos natin na kapag nasira ang toldang tinatahanan natin ngayon, ang ating katawang-lupa, tayo'y may tahanan sa langit, hindi nasisira, isang tahanang ginawa ng Diyos, hindi ng tao.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Jn 12:31b-32***

***B* – Aleluya! Aleluya!**
Si Kristo ay itinampok,
sa kanya tayo dumulog;
kasamaan ay natapos.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mc 3:20-35*
Ang pagpapalayas ni Hesus ng mga demonyo at ang pagsisikap niyang tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao kung minsan ay nabibigyan ng maling kahulugan hindi lamang ng mga pinunong panrelihiyon, kundi maging ng mga kasapi ng kanyang pamilya.
Sa Ebanghelyo ngayon, itinaon ni Hesus ang pagdating ng kanyang ina at ilang kamag-anak upang sabihin sa kanyang mga tagapakinig (maging sa atin) na sinumang tumupad ng kalooban ng Diyos ay kabilang sa kanyang pamilya.

P –Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, paguwi ni Hesus, kasama ang kanyang mga alagad, muling nagkatipon ang napakaraming tao, anupat hindi man lamang makuhang kumain ni Hesus at ng kanyang mga alagad. Nang mabalitaan ito ng kanyang mga kasambahay, sila'y pumaroon upang kaunin siya, sapagkat ang sabi ng mga tao, "Nasisiraan siya ng bait!"

Sinabi naman ng mga eskribang dumating mula sa Jerusalem, "Inaalihan siya ni Beelzebul, ang prinsipe ng mga demonyo. Ito ang nagbigay sa kanya ng kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo!" Kaya't pinalapit ni Hesus ang mga tao at sinabi sa kanila ang ilang talinghaga: "Paano mangyayaring palayasin ni Satanas si Satanas? Kapag naglaban-laban ang nasasakupan ng isang kaharian, hindi mananatili ang kahariang iyon. At kapag naglaban-laban ang magkakasambahay, hindi mananatili ang sambahayang iyon. Gayon din naman, kapag naghimagsik si Satanas laban sa kanyang sarili at naglaban-laban ang kanyang nasasakupan, hindi magtatagal at darating ang kanyang wakas.

"Walang makapapasok sa bahay ng isang taong malakas at makaaagaw ng kanyang ariarian, malibang gapusin muna niya ang taong iyon. Saka pa lamang niya malolooban ang bahay na iyon.

"Tandaan ninyo ito: maaaring ipatawad sa mga tao ang lahat ng kasalanan at panlalait nila sa Diyos, ngunit ang sinumang lumait sa Espiritu Santo ay hindi mapapatawad. Ang kanyang kasalanan ay hindi mapapawi kailanman." Sinabi ito ni Hesus sapagkat ang sabi ng ilan, "Inaalihan siya ng masamang espiritu."

Dumating ang ina at mga kapatid ni Hesus. Sila'y nasa labas ng bahay at ipinatawag siya. Noon nama'y maraming taong nakaupo sa palibot ni Hesus, at may nagsabi sa kanya, "Nariyan po sa labas ang inyong ina at mga kapatid; ipinatatawag kayo." "Sino ang aking ina at mga kapatid?" ani Hesus. Tumingin siya sa mga nakaupo sa palibot niya at nagwika: "Ito ang aking ina at mga kapatid! Sapagkat ang sinumang tumatalima sa kalooban ng Diyos, ay siya kong ina at mga kapatid."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B* –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Mga kapatid, bilang mga kasapi ng espirituwal na pamilya ni Hesus dito sa lupa, idulog natin sa Diyos ang mga kahilingang malapit sa ating puso. Puno ng pananalig sa mahabaging pagmamahal ng Diyos, manalangin tayo:

***B* –Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Para sa Simbahan, ang pamilya ng mga naniniwala: Nawa buong tapang niyang ipahayag at tupdin ang kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at lahat ng pinunong relihiyoso: Nawa lagi nilang akayin lahat ang mananampalataya sa pagtupad ng kalooban ng Diyos, sa kabila ng lahat ng tukso. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga napasunod ng demonyong suwayin ang Diyos: Nawa mapagtanto nila ang kamaliang nagawa, magsisi at magbago. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga pamilya at komunidad na dumaranas ng matinding pagsubok: Nawa patuloy silang magtiwala sa Diyos, ayon sa turo ni San Pablo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa sarili nating pamilya: Nawa ipagpatuloy natin ang pagsunod sa kalooban ng Diyos, tulad ni Hesus at ni Mariang Kabanal-banalan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga migranteng umiiwas sa gutom at giyera na napipilitang mangibang-bayan sa kabila ng panganib at karahasan: Makatagpo nawa sila ng pagtanggap at pagkalinga sa mga bayang magbubukas ng pintuan sa kanila. Manalangin tayo. ***B.***

P –Amang nasa langit, salamat at ginawa Mo kaming kasapi ng Iyong pamilya sa lupa, mga kapatid ni Hesus na aming Tagapagligtas. Panatilihin Mo kaming tapat sa Iyo, inuuna ang pagdating ng Iyong Kaharian, kung saan Ka nabubuhay at naghahari magpakailanman.
***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .
***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong**

mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–**Ama naming lumikha, tunghayan mo at kalugdan ang paglilingkod na aming ginagampanan upang ang aming inihahain ay iyong marapatin at ang aming pag-ibig ay iyong pag-alabin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

Prepasyo VI

***P* –**Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
***P* –**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P* –**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P*–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang napariparito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Panginoong Hesus, ang banal na tagapaghasik ng buto ng Kaharian at ang lubos na katuparan ng kanyang mga kakayahan. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng mundo. Mapalad ang tinawag sa Piging ng Kaharian!
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Batong hindi matitibag ang Diyos na Tagapagligtas. Siya'y aking Tagapag-ingat, Tagapagtanggol kong tapat, maaasahang Kalasag.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, ang pagganap sa iyong pagbibigay-kagalingan ay pumawi nawa sa aming mga nagawang pagsuway at magdulot nawa ng iyong mga kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko para sa pagpapala ng Diyos at malakas na tumugon ng, "Amen!" pagkatapos ng bawat panalangin. *(Tumigil saglit.)*

–Nawa magkaroon kayo ng karunungan at lakas ng loob na tanggihan ang mga panunukso ng demonyo at tupdin ang banal na kalooban ng Diyos!
***B* –Amen!**

***P* –**Nawa lagi ninyong alalahanin ang malaking gantimpalang inilaan ng Panginoon para sa mga matiyagang gumagawa ng kabutihan!
***B*–Amen!**

***P* –**Nawa ipagpatuloy ninyo ang mabuting pagkilos upang maging inspirasyon sa lahat ng mga kasapi ng ating mga komunidad!
***B* –Amen!**

***P* –**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan, upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong buhay!
***B* –Salamat sa Diyos!**

"THE WONDER OF THE EUCHARIST"

is a real wonder: Forty-eight pages you will read in one sitting and remember for a lifetime.

"The Wonder of the Eucharist" will enable you to get a comprehensive and captivating overview of this eternal monument to Christ's self-giving love.

Order now from Word and Life Publications!

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, L. Balboa, V. David, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

USAPANG "K"

Kalakbay at Katoto

Sanay tayong mga Pinoy sa diwa ng pakikisama. Tuwing fiesta o birthday, dahil sa pakikisama, nababaon sa pagkakautang ang marami. Dahil rin sa pakikisama, nakikisama' rin tayo. Napapadala tayo sa paggawa nang hindi tama, dahil sa pakikipag-kaibigan. Sa ating Ebanghelyo ngayon, nakita natin na si Kristo ay naging biktima rin ng kalakaran sa kaniyang lipunan. Hindi siya pinagtiwalaan ng kanyang mga kamag-anak. Iyan ay dahil sa paniniwala nilang lahat noon, na walang mabuting manggagaling sa Nazaret.

Ito ang dahilan kung bakit hindi siya makagawa ng milagro. Ang nakita nila ay isang hamak na karpintero lamang ng taga Nazaret.

Pero may isa pang bunga rin ng kalakaran . . . Nagsama-sama ang mga Eskriba at Pariseo laban kay Jesus. At dahil dito, ang pagdududa ay naging isang tahasang akusasyon. Hindi lamang sila nagduda kay Jesus. Pinagbintangan pa siya – na ang nasa likod daw ng kanyang mga himala ay walang iba kundi ang hepe ng mga demonyo – si Beelzebul!

Mahirap talaga pag nagkasama-sama ang mga taong may parehong madidilim na balak. Nagkampihan sila sapagka't hindi nila matanggap ang gurong nanggaling sa isang lugar na hindi rin nila matanggap – ang Nazaret.

Pero kung paano hindi matanggap ng mga tao si Jesus, ay bagkus naman nangaral si Jesus nang tunay na pakikipagniig sa Diyos. **Ang tunay na pagtanggap sa kanya ay pagtanggap sa Diyos na kinakatawan niya.**

May nagsabing hinahanap daw siya ng kanyang Ina at mga kapatid. Sa biglang wari, masakit ang kanyang sagot na para bagang itinatatwa niya ang kanyang mga kamag-anak. Pero, sa mas malalim na pagtingin, ay may makikita tayong mahalagang aral.
Ang relasyon natin sa Diyos ay hindi mababaw na nakasalalay lamang sa dugong dumadaloy sa ating mga ugat. Hindi lamang sa pangalan o apelyido. Hindi lamang ito nakukuha sa ID o sa smartcard. Hindi ito nakasalalay sa isang diploma o sertipiko.

Ang tunay na tanda ng pakikipag-ugnayan ay hindi batay sa lahat ng ito, bagkus batay sa kung handa tayong sumunod sa kanyang kalooban. "Ang aking Ina, o kapatid ay siyang handang sumunod sa kalooban ng aking Ama."

Kapatid mo bang tunay si Kristo? Kabahagi ka ba ng kanyang pamilya?

In this month of June, don't forget to get your copy of:





THE LITANY OF THE SACRED HEART and HEARTS ABLAZE WITH LOVE
a handy pamphlet which contains touching reflections on each invocation, accompanied by original illustrations by a noted Filipino artist

Contents:
- The history of the devotion to the Sacred Heart,
- Jesus' promises to us, and
- our promises to him;
- churches and institutions in his honor . . . and more!

Order now from:
Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore